Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-35 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 29 SETYEMBRE 2003, IKA- 9:10 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG BARANGAY SAN AQUILINO.

Mga Dumalo:

Konsehal Juan S. Advincula	- Pansamantalang Tagapangulo
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Mae Arlene M. Tulono	
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Hernan C. Erorita	
Konsehal Jovito D. Estrada	
Konsehal Gemar C. Montesa	- Pangulo, Liga ng mga Barangay

Hindi Nakadalo:

Vice Mayor Cesar T. Baticos	
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

---

KAPASYAHAN BLG. 080
Taong 2003

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN AQUILINO AT SA MGA MAMAMAYAN NITO SA MAAYOS NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS SA PAGPUPULONG NA GINANAP SA NASABING BARANGAY

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nagkaisang idaos ang regular na sesyon sa ikalawa at ikaapat na Lunes ng bawa't buwan sa mga barangay ng bayang ito;

SAPAGKA'T ang ikasiyam na barangay na pinagdausan ng pulong ay ang Barangay San Aquilino na ginanap ngayong Setyembre 29, 2003;

SAPAGKA'T ang nabanggit na pulong ay dinaluhan ng Sangguniang Barangay ng San Aquilino at ilang mamamayan at dito'y nagkaroon ng maayos at makabuluhang pagdidiyalogo ukol sa mga pangangailangan at mga proyektong ikauunlad ng barangay;

SAPAGKA'T ang maayos na pagtanggap at pagbibigay ng panahon ng pamunuang barangay ng San Aquilino at ng mga mamamayan nito sa idinaos na pulong ay isang pagpapakilala ng malawak na kaisipan sa mga gawaing pampamahalaan at pangkaunlaran kung saan ang bawa't mamamayan, namumuno man o tagasunod ay may mahalagang bahaging ginagampanan;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayang ito ay lubusang nagpapasalamat sa maayos na pagtanggap ng pamayanan ng San Aquilino sa bumubuo ng Sangguniang Bayan at sa staff nito sa ginawang pagpupulong sa barangay ngayong Setyembre 29, 2003.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Gemar C. Montesa na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyong ito na ipaabot sa Sangguniang Barangay ng San Aquilino at sa mga mamamayan nito ang taospusong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at sa staff nito sa pagpupulong na ginanap ngayong Setyembre 29, 2003.

IPINASYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng San Aquilino, Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Punong Barangay Maria O. Boo para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay ng lahat. 29 Setyembre 2003

PINATUTUNAYANG WASTO:

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:

JUAN S. ADVINCULA
Sangguniang Bayan Member/
Pansamantalang Tagapangulo

PINAGTIBAY:

JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

10-10-03

merz/
093003